

<Postal code>  
 <Address>  
 <Apelyido ng taong umutang> <Pangalan ng taong umutang>  
 <Code ng pautang>

[Para sa Aplikasyon at mga Katanungan]  
 Namamahala sa Tanggapan para sa Pagbabayad at Exemption sa Espesyal na Pautang kaugnay sa COVID  
 Saitama Prefectural Council of Social Welfare  
 [Numero ng telepono] 050-2018-1839  
 [Oras ng pagtanggap] Weekdays 9:00 - 17:00  
[https://www.fukushi-saitama.or.jp/site/problem\\_33.html](https://www.fukushi-saitama.or.jp/site/problem_33.html)



## Paunawa sa mga Tumatanggap ng Pagpapalugit sa Pagbabayad ng Espesyal na Pautang kaugnay sa COVID

Tatanggapin ang aplikasyon para sa **pagpapatuloy ng pagpapalugit sa pagbabayad** mula sa mga taong nababahala sa pagbabayad pagkatapos ng panahon ng pagpapalugit sa pagbabayad. Ang sumusunod ang buod, kaya't mangyaring mag-apply ang mga nagnanais nito.

Mga Taong Sakop Dito (Taong tumutupad sa lahat ng 3 kondisyon sa kanan)	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Taong umutang na pinapalugitan ang pagbabayad</li> <li>• Taong nababahala sa pagbabayad pagkatapos ng panahon ng pagpapalugit sa pagbabayad</li> </ul>
Para sa Aplikasyon	Namamahala sa Tanggapan para sa Pagbabayad at Exemption sa Espesyal na Pautang kaugnay sa COVID Saitama Prefectural Council of Social Welfare
Mga Kinakailangang Dokumento sa Oras ng Aplikasyon	<p>A Application Form para sa Pagpapatuloy ng Pagpapalugit sa Pagbabayad at Sheet para Makumpirma ang Kalagayan ng Pamumuhay</p> <p>B Sertipiko ng panirahan kung saan nakasulat ang lahat ng miyembro ng sambahayan (sa loob ng 3 buwan mula sa araw ng pag-isyu)</p> <p>C Sertipiko ng pagbubuwis sa piskal na taong 2024 (Reiwa 6) o dokumento kung saan malalaman ang kita sa nakaraang 3 buwan ng taong umutang at ng puno ng sambahayan</p> <p>* Kung mayroong dokumento kung saan malalaman ang kalagayan ng isip at katawan at pamumuhay ng taong umutang at ng kanyang pamilya tulad ng kopya ng sertipiko ng kapansanan at iba pa, mangyaring isama ito sa pagsusumite.</p>
Daloy Hanggang sa Pagpapatuloy ng Pagpapalugit sa Pagbabayad	<p>① Kung mag-aapply ang taong umutang para sa pagpapatuloy ng pagpapalugit sa pagbabayad, ipapaloob ang mga kinakailangang dokumento sa sobre para sa kasagutan, at ipapadala ito sa koreo sa Saitama Prefectural Council of Social Welfare</p> <p><b><u>② Makikipag-ugnayan sa taong umutang ang Municipal Council of Social Welfare, at isasagawa ang unang interbyu atbp.</u></b></p> <p>③ Batay sa resulta ng interbyu atbp. sa Municipal Council of Social Welfare, magbibigay ng desisyon ang Saitama Prefectural Council of Social Welfare kung pahihintulutan o hindi ang pagpapatuloy ng pagpapalugit sa pagbabayad, at ipagbibigay-alam ito sa taong umutang</p>

<p>Daloy Pagkatapos ng Pagpapatuloy ng Pagpapalugit sa Pagbabayad</p>	<p>④ Tatanggap ang taong umutang ng suporta sa konsultasyon at suporta sa pagsubaybay tulad ng pagkumpirma ng kalagayan ng pamumuhay at iba pa mula sa Municipal Council of Social Welfare</p> <p><b><u>⑤ Makikipag-ayusan ang taong umutang sa Municipal Council of Social Welfare tungkol sa araw at oras, at isasagawa ang pangalawang interbyu atbp. (mga 6 na buwan pagkatapos ng pagtanggap ng application form) *Sa patakaran, harapan ang pangalawang interbyu</u></b></p> <p>⑥ Batay sa resulta ng interbyu atbp. sa Municipal Council of Social Welfare, magbibigay ng desisyon ang Saitama Prefectural Council of Social Welfare na alinman sa (a) exemption sa pagbabayad, (b) pagtatapos ng pagpapalugit sa pagbabayad (pagsisimula ng pagbabayad) o (c) muling pagpapatuloy ng pagpapalugit sa pagbabayad, at ipagbibigay-alam ito sa taong umutang</p>
<p>Taong Lumipat sa Labas ng Prefecture</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Para sa mga taong lumipat sa ibang prefecture mula sa Saitama prefecture na nagnanais ng pagpapatuloy ng pagpapalugit sa pagbabayad, mangyaring makikipag-ugnayan muna sa Namamahala sa Tanggapan para sa Pagbabayad at Exemption sa Espesyal na Pautang kaugnay sa COVID, Saitama Prefectural Council of Social Welfare (050-2018-1839).</li> </ul>
<p>Mga Puntong Dapat Tandaan</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Kung walang pagkukulang sa mga kinakailangang dokumento, makikipag-ugnayan sa inyo ang Municipal Council of Social Welfare nang mga 2-3 linggo mula sa aplikasyon, kaya't mangyaring pagpasyahan ninyo ang araw at oras kung kailan gagawin ang interbyu atbp.</li> <li>• Ayon sa resulta ng interbyu atbp. sa Municipal Council of Social Welfare, maaaring magbigay ng impormasyon tungkol sa tanggapan para sa konsultasyon ng institusyong pangkonsultasyon at pansuporta sa kasarinlan para masuportahan ang pagpapanibagong-ayos ng pamumuhay ninyo.</li> <li>• Kung hindi kayo tumugon sa pakikipag-ugnayan ng Municipal Council of Social Welfare atbp. at hindi maisagawa ang pangalawang interbyu atbp., maaaring ikansela ang pagpapalugit sa pagbabayad.</li> </ul>

**\* Mangyaring tingnan din ang 'Daloy ng Aplikasyon para sa Pagpapatuloy ng Pagpapalugit sa Pagbabayad' sa likuran.**

# Kinakailangang dokumento A

Application Form para sa Pagpapatuloy ng Pagpapalugit sa Pagbabayad at Sheet para Makumpirma ang Kalagayan ng Pamumuhay

\*Para sa taong kailangan ng kopya ng application form, mangyaring kumuha ng **seroks** bago ito ipadala sa koreo

\*Barcode

## 1. Tungkol sa Taong Umutang

Petsa ng pag-apply	Taon (sa Reiwa) Buwan Araw		
Code ng pautang	<Code ng pautang>		
Taong nag-apply para sa utang (Sulatan ng mismong tao)	Furigana		Lalaki / Babae
	Pangalan *Sariling sulat *signature		Araw ng kapanganakan
	Kasalukuyang address	Postal code	Ginagamit na wika *Sagutan lamang kung dayuhan Wika *Mangyaring sulatan ang puwang kung dayuhan lamang
	Numero ng telepono kung saan madaling makontak sa daytime	( )	
	Oras kung kailan madaling makontak sa weekday	Mga ala/alas AM / PM *Mangyaring isulat ang oras sa pagitan ng 9 AM hanggang 5 PM	
	Mangyaring bilugan ang isa tungkol sa nais na paraan ng pagsasagawa ng unang interbyu atbp.	Harapang pagtatanong tungkol sa kalagayan ng pamumuhay / Pagtatanong sa telepono tungkol sa kalagayan ng pamumuhay atbp.	
	Mangyaring isulat ang kalagayang pinoproblema (Malayang pagsulat)		
		Taisho Showa Heisei Taon Buwan Araw ( taong gulang)	

## 2. Kalagayan ng Sambahayan ng Taong Umutang

Pangalan	Relasyon	Edad	Pinagtatrabahuhan / Pangalan ng paaralan (baitang o taon)	Hanapbuhay	Kita (sa isang buwan)	Kalagayan ng kalusugan (Kalagayan ng injury o sakit / kapansanan atbp.)	
	Mismong tao						
Pampublikong tulong (seikatsu hogo)	1 Kasalukuyang tumatanggap [Mula (Taon) (Buwan)]			2 Hindi tumatanggap			
Tungkol sa kalagayan ng sambahayan ng taong nag-apply para sa konsultasyon	Pagkakautang	Mayroon / Wala	Inutangan	Halaga ng inutang	Buwanang halaga ng binabayad	Natitirang bilang ng taon	Pagkaantala sa pagbabayad
							Wala / Mayroon yen
							Wala / Mayroon yen
							Wala / Mayroon yen
Kita ng sambahayan kada 1 buwan		Gastos ng sambahayan kada 1 buwan		Pagkumpirma ng kita ng sambahayan Suweldo at ibinibigay na pensyon / benepisyo / allowance *Lagyan ng check ang naaangkop na <input type="checkbox"/>			
Nilalaman	Halaga	Nilalaman	Halaga				
	yen	Gastos sa pagkain	yen	<input type="checkbox"/> Kita (suweldo) sa pagtatrabaho	<input type="checkbox"/> Employment insurance		
	yen	Gastos sa kuryente, gas at tubig	yen	<input type="checkbox"/> Pensyon sa pagtanda/ Pensyon ng naulilang pamilya	<input type="checkbox"/> Pensyon para sa kapansanan		
	yen	Gastos sa komunikasyon	yen	<input type="checkbox"/> Child allowance	<input type="checkbox"/> Child rearing allowance		
	yen	Gastos sa tirahan (upa)	yen	<input type="checkbox"/> Allowance para sa injury at sakit			
	yen	Halaga ng ibinabayad sa pagkakautang atbp.	yen	<input type="checkbox"/> Iba pa ( )			
	yen	Iba pa	yen				
Total	yen	Total	yen				

\* Sumasang-ayon ako sa mga bagay-bagay na nakasulat sa ibaba para sa aplikasyon, at nag-apply ako para sa pagpapatuloy ng panahon ng pagpapalugit sa pagbabayad (Kung sasang-ayon kayo, hinihiling na pirmahan ng mismong tao ang puwang para sa pangalan na nasa itaas)

- Sumasang-ayon ako tungkol sa pagbibigay ng mga kinakailangang dokumento kasama ang application form na ito sa Municipal Council of Social Welfare kung saan ako kasalukuyang nakatira.
- Sumasang-ayon ako sa pagtanggap ng suporta sa pagsubaybay ng Municipal Council of Social Welfare kasama ang pakikipag-ugnayan mula sa Municipal Council of Social Welfare, interbyu atbp. pagkatapos maibigay sa Municipal Council of Social Welfare ang application form na ito atbp.
- Sumasang-ayon ako sa pagsasagawa ng hindi bababa sa dalawang interbyu pagkatapos kong mag-apply para sa pagpapatuloy ng panahon ng pagpapalugit sa pagbabayad.
- Sumasang-ayon ako sa matapat na pagsisikap sa pagpapanibagong-ayos ng pamumuhay sa panahon ng suporta sa pagsubaybay.
- Sumasang-ayon ako sa hindi paggawa ng pagpipilit na sumulat ayon sa aking pagnanais at iba pang gawain, kaugnay sa kasulatan ng opinyong isusumite ng Municipal Council of Social Welfare sa Saitama Prefectural Council of Social Welfare.
- Ako at ang mga tao sa aking sambahayan ay hindi miyembro ng sindikato ng krimen. Sumasang-ayon ako sa paghingi ng inyong Council of Social Welfare mula sa mga tanggapan pampubliko, pampamahalaan atbp. ng impormasyon tungkol sa pagiging miyembro ng sindikato ng krimen kaugnay sa akin at mga miyembro ng aking sambahayan, ayon sa pangangailangan. [Tulad ng nakasaad sa Artikulo 2-2 ng "Batas hinggil sa Prebensyon ng Hindi Makatarungang Gawain ng mga Miyembro ng Sindikato ng Krimen," tinutukoy ng sindikato ng krimen ang "samahang may panganib na nanghihiikayat sa mga miyembrong bumubuo rito (Kasama ang mga miyembrong bumubuo sa samahang bumubuo sa samahang iton.) na magkakasama-sama bilang pangkat o karaniwang gumawa ng marahas at ilegal na gawain atbp."]
- Tungkol sa isinulat kong personal na impormasyon, sumasang-ayon ako sa pagbibigay nito sa institusyong pangkonsultasyon at pansuporta sa kasarinlan at iba pang kinaaukulang institusyon sa hangganang kailangan para sa sistemang ito.
- Sumasang-ayon ako sa pagtatanong ng Saitama Prefectural Council of Social Welfare sa Japan National Council of Social Welfare, ibang Prefectural Council of Social Welfare, Municipal Council of Social Welfare, lokal na pamahalaan, pampublikong tanggapan para sa kasiguruhan ng hanapbuhay, institusyong pangkonsultasyon at pansuporta sa kasarinlan, institusyong pansuporta sa pagpapabuti ng panggastos ng pamilya, at iba pang mga kinaaukulang institusyon, at pagtanggap mula sa kanila ng aking personal na impormasyon, sa hangganang kailangan para sa sistemang ito.

# Tungkol sa Mga Dokumentong Kinakailangan sa Aplikasyon para sa Pagpapatuloy ng Pagpapalugit sa Pagbabayad

## Mga Dokumentong Kinakailangan kapag Mag-aapply sa Saitama Prefectural Council of Social Welfare

Item No.	Mga kinakailangang dokumento	Puwang para sa Self-check
A	Application Form para sa Pagpapatuloy ng Pagpapalugit sa Pagbabayad at Sheet para Makumpirma ang Kalagayan ng Pamumuhay	<input type="checkbox"/>
B	<p><b>Sertipiko ng paninirahan</b></p> <p><b>* Mangyaring siguraduhing ipadala ang sertipiko ng paninirahan na tumutupad sa mga kondisyong nakasulat sa ibaba.</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Sertipiko kung saan nakasulat ang puno ng sambahayan</li> <li>Sertipiko kung saan nakasulat na "ipinagpapatibay na tunay itong kopya ng orihinal na sertipiko ng paninirahan ng lahat ng mga miyembro ng sambahayan"</li> <li>Sertipiko kung saan hindi nakasulat ang My Number</li> <li>Sertipikong inisyu sa loob ng nakaraang 3 buwan</li> </ul>	<input type="checkbox"/>
C	<p><b>Sertipiko ng pagbubuwis sa piskal na taong 2024 (Reiwa 6) (taong umutang at puno ng sambahayan) o dokumento kung saan malalaman ang kita sa nakaraang 3 buwan (taong umutang at puno ng sambahayan)</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Statement ng pagbabayad ng suweldo (kopya) o dokumento kung saan malalaman ang kalagayan ng kita</li> <li>Para sa taong tumatanggap ng pensyon, notipikasyon ng pagbibigay ng pensyon atbp. (kopya) o kopya ng passbook kung saan malalaman ang pagbibigay noon</li> <li>* Para sa taong kasalukuyang walang kita at maaaring magsumite ng sertipiko ng pag-alis sa trabaho (rishoku shomei), mangyaring magsumite nito.</li> </ul>	<input type="checkbox"/>
<p><b>* Bukod dito, mangyaring isama sa pagsusumite kung mayroon ng sumusunod na dokumento</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Kung may tao sa sambahayan na mayroong sertipiko ng mental na kapansanan, sertipiko ng pisikal na kapansanan, o sertipiko ng intelektuwal na kapansanan, kopya ng sertipikong iyon</li> <li>Medikal na sertipiko ng doktor o kinauukulang sertipiko, notipikasyon ng pagtanggap ng kinauukulang allowance o benepisyo at iba pang dokumento kung saan malalaman ang kalagayan ng isip at katawan at kalagayan ng pamumuhay ng taong umutang at ng kanyang pamilya</li> </ul>		

- Mangyaring ipadala sa koreo sa Saitama Prefectural Council of Social Welfare ang mga kinakailangang dokumento gamit ang nakalakip na sobre para sa kasagutan.
- Pagkatapos naming makumpirma sa Saitama Prefectural Council of Social Welfare na walang pagkukulang sa mga kinakailangang dokumento, ibibigay ito sa Municipal Council of Social Welfare sa lugar kung saan kayo nakatira.
- Makikipag-ugnayan sa inyo ang Municipal Council of Social Welfare nang mga 2-3 linggo mula sa aplikasyon, kaya't mangyaring pagpasyahan ninyo ang araw at oras kung kailan gagawin ang interbyu atbp.
- Mangyaring tumawag sa call center ang taong hindi nakakaintindi ng wikang Hapon.

numero ng telepono 050-2018-1839

bukas 9:00 - 17:00 sa weekday

URL [https://www.fukushi-saitama.or.jp/site/problem\\_33.html](https://www.fukushi-saitama.or.jp/site/problem_33.html)



# Daloy ng Aplikasyon para sa Pagpapatuloy ng Pagpapalugit sa Pagbabayad

- 1 Kung mag-aapply ang taong umutang para sa pagpapatuloy ng pagpapalugit sa pagbabayad, ipapaloob ang mga kinakailangang dokumento sa sobra para sa kasagutan, at ipapadala ito sa koreo sa Saitama Prefectural Council of Social Welfare

Mga kinakailangang dokumento

- A Application Form para sa Pagpapatuloy ng Pagpapalugit sa Pagbabayad at Sheet para Makumpirma ang Kalagayan ng Pamumuhay
- B Sertipiko ng pagbubuwis ng residence tax sa indibidwal sa piskal na taong 2024 (Reiwa 6) ng taong umutang at ng puno ng sambahayan o dokumento kung saan malalaman ang kita sa nakaraang 3 buwan
- C Sertipiko ng paninirahan kung saan nakasulat ang lahat ng miyembro ng sambahayan (sa loob ng 3 buwan mula sa araw ng pag-isyu)

Kung mayroong dokumento kung saan malalaman ang kalagayan ng isip at katawan at pamumuhay ng taong umutang at ng kanyang pamilya tulad ng kopya ng sertipiko ng kapansanan at iba pa, mangyaring isama ito sa pagsusumite.

- 2 Makikipag-ugnayan sa taong umutang ang Municipal Council of Social Welfare, at isasagawa ang unang interbyu atbp.

Sa unang interbyu atbp., mangyaring pangunahing ipaliwanag ang mga sumusunod na punto:

- Tungkol sa dahilan at kalagayan kung bakit mahirap ang pagbabayad sa kasalukuyan
- Kung matapat bang nagsisikap tungo sa pagpapanibagong-ayos ng pamumuhay ang mismong taong umutang, tulad ng paghahangad para sa karagdagang kita, muling pagtingin sa mga ginagastos at iba pa, sa panahon ng pagpapalugit sa pagbabayad
- Kalagayan ng isip at katawan at kalagayan ng pamumuhay ng taong umutang at ng kanyang pamilya
- Kung makakapagpanibagong-ayos ba ng pamumuhay sa pamamagitan ng pagtatrabaho/karagdagang kita, pagpapabuti ng panggastos ng pamilya atbp.

- 3 Batay sa resulta ng interbyu atbp. sa Municipal Council of Social Welfare, magbibigay ng desisyon ang Saitama Prefectural Council of Social Welfare kung pahihintulutan o hindi ang pagpapatuloy ng pagpapalugit sa pagbabayad, at ipagbibigay-alam ito sa taong umutang

- 4 Tatanggap ang taong umutang ng suporta sa konsultasyon at suporta sa pagsubaybay tulad ng pagkumpirma ng kalagayan ng pamumuhay at iba pa mula sa Municipal Council of Social Welfare

- 5 Makikipag-ayusan ang taong umutang sa Municipal Council of Social Welfare, at isasagawa ang pangalawang interbyu atbp. (6 na buwan pagkatapos ng pagtanggap ng application form)  
\* Sa patakaran, harapan ang pangalawang interbyu

Batay sa unang interbyu atbp., mangyaring pangunahing ipaliwanag ang mga sumusunod na punto:

- Tumanggap ba ng suporta mula sa Municipal Council of Social Welfare at nalutasan ang dahilan kung bakit mahirap ang pagbabayad
- Kung matapat bang nagsisikap tungo sa pagpapanibagong-ayos ng pamumuhay ang mismong taong umutang, tulad ng paghahangad para sa karagdagang kita, muling pagtingin sa mga ginagastos at iba pa, sa panahon ng pagpapalugit sa pagbabayad
- Kalagayan ng isip at katawan at kalagayan ng pamumuhay ng taong umutang at ng kanyang pamilya sa panahon mula sa unang interbyu hanggang sa pangalawang interbyu
- Kung makakapagpanibagong-ayos ba ng pamumuhay sa pamamagitan ng pagtatrabaho/karagdagang kita, pagpapabuti ng panggastos ng pamilya atbp.

- 6 Batay sa resulta ng interbyu atbp. sa Municipal Council of Social Welfare, magbibigay ng desisyon ang Saitama Prefectural Council of Social Welfare na alinman sa (a) exemption sa pagbabayad, (b) pagtatapos ng pagpapalugit sa pagbabayad (pagsisimula ng pagbabayad) o (c) muling pagpapatuloy ng pagpapalugit sa pagbabayad, at ipagbibigay-alam ito sa taong umutang